

Theme-Based Technique sa Pagsusuri ng
Talumpati: Gabay sa Pagtuturo
*Theme-Based Technique in Speech Analysis:
A Course Guide for Teaching*

Asia Pacific Journal of
Management and
Sustainable Development
Vol. 10, No. 3, pp. 18-26
September 2022
Lumina Special Issue
ISSN 2782-8557 (Print)

Geraldine C. Rebamonte, EdD

Cebu Normal University, Osmeña Boulevard, Cebu City, 6000
rebamonteg@cnu.edu.ph

Date Received: November 15, 2021 ; Date Revised: February 2, 2022

Abstrak - Layunin ng pag-aaral na masuri ang 12 talumpati gamit ang teorya ni Gery W. Ryan upang makabuo ng gabay sa pagtuturo ng Pinagsanib na Wika at Panitikan. Kuwalitatibong paraan ng pananaliksik ang ginamit sa pagsusuri. Tiniyak sa pag-aaral na masagot ang sumusunod: (1) Pagsusuri sa mga salita; (2) Masinsinang pagbabasa ng “larger blocks of text”; (3) Pagsusuring intensyunal sa mga katangiang panlinggwistika; at (4) Pisikal na manipulasyon sa teksto. Natuklasan sa pagsusuri sa 12 talumpati na ang salitang pangnilalaman na may kategoryang pinakamadala naulit ay ang salitang natin. Pitong talumpati ang nagtataglay ng pahahambingan at pagkokontrast. Sampung talumpati ang may suliraning pang-agham panlipunan. Sampung talumpati rin ang may nakatagong impormasyon. Sa pagsusuring panlinggwistika; ang 12 talumpati ay nagtataglay ng 19 na uri ng tayutay, at isang kombinasyon ng tayutay sa isang pangungusap. Sa kabuoan, ang 12 talumpati ay may 116 patayutay na pahayag. Batay sa mga natuklasan, ang mga piling talumpati ay pinakaangkop gamitin sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan na tulad ng sanaysay at talumpati. Naging magaan ang ginawang pagsusuri sa 12 talumpati sa tulong ng teorya ni G. W. Ryan na nakatuon sa apat na teknik.

Mga susing salita: Gery W. Ryan, panitikan, talumpati, teknik, wika

Abstract - The main purpose of this study is to examine the Twelve Speeches using the theory of Gery W. Ryan and develop a course guide for the integrative teaching of Language and Literature. Qualitative method was used to analyze the contents of the twelve speeches and to determine the themes specifically. The study aimed to answer the following: (1) Analysis of words, (2) Intensive Reading “larger blocks of text”; (3) Intentional Analysis of Linguistic characteristics (4) substantial manipulation of text. It was ascertained in the analysis that the twelve speeches contain categories and most often repeated the word “we” or “us”. Seven of these make use of comparison and contrast and at the same time ten speeches talked about societal problems. Meanwhile, ten speeches are contain concealed information. Analyzing the linguistic characteristics, the twelve speeches contain nineteen (19) types of figures of speech, and the twentieth (20th) is a combination of two (2) figures of speech in one sentence thus it reached to one hundred sixteen utterances. Based on the findings, the selected speeches is most suitable for the review of literary work such as essay and other speech pieces. The analysis on the twelve speeches was anchored on the theory of G.W. Ryan which focus was on the contextual and linguistic analysis.

Keywords: Gery W. Ryan, essay, language, literature, technique

PANIMULA

Ang talumpati at sanaysay ay magkaugnay sapagkat bago bigkasin ang talumpati sa harap ng madla ito ay isinusulat muna bilang sanaysay, makapangyarihan sapagkat kaya nitong baguhin ang mga positibo o negatibong pananaw, paniniwala o ideya ng ibang tao. Ito ay mabisang kasangkapan na maaaring magamit sa anomang larangan.

Ang pagtatalumpati ay magalang na pagsasalita sa harap ng mga tao ukol sa isang mahalaga at napapanahong paksa. [1] Ito ay sanaysay din na isinusulat upang bigkasin sa harap ng madla o pangkat ng mga tagapakinig [2].

Si dating Pangulong Benigno C. Aquino ang namumukod-tanging pangulo ng bansa na nagpakita ng pagtangkilik sa paggamit ng talumpati bilang tulay ng pangulo sa paghahatid ng mensahe tungkol sa kalagayan ng bansa at ng mga mamamayan nito sa nakaraan, kasalukuyan at maging sa hinaharap na may pagpapahalaga, pagmamahal at pagtiwala sa wikang Filipino bilang wikang pambansa. Sa kaniyang talumpati inilalatag niya ang kaniyang bisyon, misyon, adhikain, mga matayog na kaisipan at ideya, mga praktikal na bagay, pagpuri, pagsaway at mga pagsisikap niya tungo sa mabisang pagkakaunawaan at pagkakaisa ng sambayanang nag-uugnay kay P-Noy at sa taumbayan [3].

Napapanahon at angkop gamitin ang mga talumpati ng dating pangulo sa pag-aaral na ito sapagkat itinuturing itong mahalagang dokumento na dapat masusing mabasa at maipabatid sa madla, gayon din matukoy ang tunay na mensahe at tema at mabigyan-pansin lalo na sa mga pagsusuring pampanitikan o panlinggwistika man.

Batay sa sariling karanasan ng mananaliksik sa pagtuturo ng sanaysay at talumpati bilang medyor na asignatura, nasaksihang nahihirapan sa pasulat na paraan sa pamamagitan ng pagbuo o pagsulat ng sanaysay ang mga estudyante gayon din sa pasalita o aktuwal na pagtatalumpati, ang tamang bigkas ng mga salita, ang tumbas nito sa wikang Filipino sapagkat madalas ay nagiging tunog Ingles ang kanilang mga pahayag dahil sa labis na panghihiram ng mga salita na mas nakikitaan pa sila ng interes sa paggamit ng wikang banyaga. Marahil, dala na ito ng kakulangan o katamaran sa pag-iisip ng tiyak na katumbas nito sa Filipino. Karamihan sa kanila ay hirap din sa pagtukoy sa tema ng isang akda na

napagkakamalang paksa. Sa pangkalahatan, matutukoy na ang kahinaan ng mga estudyante ay nakasentro sa kaalamang panlinggwistika, pangkomunikatibo (pasalita o pasulat) at pagsusuri ng mga akdang pampanitikan.

Sa kabilang dako, makatutulong sa mga estudyante na maituro lalo na ng mga guro ang tamang pagsuri sa mga akdang pampanitikan na tulad ng talumpati sapagkat nalilining nito ang kakayahang lohikal at kritikal na pag-iisip ng mga estudyante. Dito pumapasok ang kahalagahan ng *literary theory and criticism* ni Bernardino, (1998) na ayon sa kaniya hindi lamang magiging *text-based* sa paghanap ng sagot ang mga estudyante kung hindi *process-based* din kung saan sila ay magkakaroon ng pagkakataong ipaliwanag kung paano nila nabuo ang kanilang mga kasagutan.

Malaki ang naitutulong ng talumpati sa isang tao lalo na sa mga estudyante sa kanilang pagkatuto sa Filipino at gayon din, mabatid ng mga guro sa kanilang pagtuturo na ang mga talumpati ay tumutulong upang mas mapaunlad at lalo pang malinang ang kanilang aspektong pangkaisipan sa pamamagitan ng paglalalag ng mga pananaw at prinsipyong pinaniniwalaan, sa aspektong pangkomunikatibo: sa paraang pasulat nahahasa ang lohikal at kritikal na pag-iisip sa paglalahad ng mga ideya at mga kaisipan samantala, sa paraang pasalita naman, nalilining ang kakayahan sa pagsasalita nang may kahusayan sa harap ng madla kaakibat ang nabuong tiwala sa sarili at higit sa lahat ang pagkamit ng kapangyarihan sa hinaharap.

Sa tulong ng pagsasanib ng wika at panitikan sa pagtuturo at pagkatuto, dagdag pa ang apat na teknik sa pagtukoy ng tema ni Gery W. Ryan [4], tiyak na makatutulong ito nang malaki sa mga estudyante, inaasahan din na makabuo ng *Gabay sa Pagtuturo ng Sanaysay at Talumpati* para sa mga guro upang makatulong na mapagaan at mapadali ang pagtuturo na nasa tamang paraan at proseso ng pagsuri ng mga akdang pampanitikan na ang lunsaran ay ang wika. Isa pa, mailapit sa mga estudyante at maipaunawa sa kanila ang tunay na pagmamahal sa wika, ang kahalagahan ng pagkakaroon nito at pagtangkilik nang lubos sa sariling wika sa tulong ng mga talumpati.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na masuri ang 12 piling talumpati ni Pangulong

Benigno C. Aquino III (2011-2013) gamit ang *Theme-based Technique* ni Gery W. Ryan upang makabuo ng Gabay sa Pagtuturo ng Sanaysay at Talumpati. Tininyak sa pag-aaral na masagot ang sumusunod: (1) pagsusuri sa mga salita: mga salitang nauulit, mga katutubong kategorya, at mga susing-salita sa teksto; (2) masinsinang pagbabasa ng “larger blocks of texts”: paghahambing at pagkokontrast, mga suliraning pang-agham panlipunan, at paghanap sa nakatagong impormasyon; (3) pagsusuring intensiyonal sa mga katangiang panlinggwistika; mga metapora at analohiya, paglilipat, at mga pang-ugnay; at (4) manipulasyong pisikal sa mga teksto: walang markang teksto, lubos na pagkilala sa teksto, at paggupit at pag-uri-uri / pagkukulay at pagsama-sama.

MGA KAGAMITAN AT PAMAMARAAN

Ginamitan ng kuwalitatibong paraan ng pananaliksik sa tulong ng *Theme-based Technique* ni G. W. Ryan sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga nilalaman o *content analysis* sa 12 piling talumpati na binigkas ni Benigno C. Aquino III sa mga taong 2011 hanggang 2013. Ang *content analysis* ay isang mabisang paraan ng pag-aaral at pagsusuring komunikasyon na may layuning sistematiko at madaling paraan sa pagsukat ng mga baryabol. [5] Ang nilalaman ng talumpati ay dadaan sa isang masistematikong pagsusuri sa isang pormal at tiyak na katangiang panlinggwistika. Gayun din naman sa tema ng bawat talumpati na ang layunin ay matukoy nang tapat at tumpak, kaya kinakailangan ang masistematikong pagsunod sa mga teknik na inilatag ni Ryan.

Pinagmulan ng Datos

Nakalap mula sa internet sa website na <http://www.gov.ph/section/historical-papers-document/speeches/page/1-120/> na may pamagat na *Official Gazzete* [6] na naglalaman ng lahat ng mga talumpati ng naging pangulo ng Pilipinas simula kay dating Pangulong Aguinaldo hanggang sa kasalukuyan. Ang mga talumpati ng dating Pangulong Aquino III sa *Official Gazzete* ay nagsimula sa pahina 1 hanggang 79, simula nang siya ay maluklok bilang pangulo ng bansa noong Hunyo 30, 2010 hanggang 2014. Saklaw ang mga naging talumpati ng pangulo mula Enero hanggang Disyembre ng mga taong 2011, 2012 at 2013.

Sa nakalap na 648 talumpati ng dating pangulo pinaghiwalay at binilang ang mga talumpating nasa

wikang Filipino at Ingles. Natuklasan na 361 rito ang nasa wikang Filipino at 287 naman ang nasa wikang Ingles. Ang 361 talumpati na nasa wikang Filipino ang pinagkunan ng 12 talumpati. Una, nagsagawa ng segregasyon o paghihiwalay, masusing sinuri, itinala at pinaghambing. Ikalawa, pinagsama-sama ang mga talumpati batay sa buwan mula Enero hanggang Disyembre. Pagkatapos ay inisa-isa at pinaghambing ang mga talumpati na magkakapareho sa okasyon, lugar at petsa sa bawat buwan sa loob ng tatlong taon (2011-2013).

Sa ginawang pagsusuri sa 361 talumpati, natuklasan na walong paksa (katumbas ng 24 na talumpati) o okasyon lamang ang magkakapareho o konsistent ang okasyon samantala, may ilang talumpati na hindi naman konsistent sa lugar at petsa na pinagaganapan sa loob ng tatlong taon.

Narito ang walong paksa na may 24 na talumpati na magkakapareho at konsistent ang okasyon sa bawat taon:

- 1
Talumpati ng Pangulong Aquino III sa Bulong Pulungan Christmas Party - Dis. 3, 2013
Talumpati ng Pangulong Aquino III sa Bulong Pulungan Christmas Party - Dis. 18, 2012
Talumpati ng Pangulong Aquino III sa Bulong Pulungan Christmas Party - Dis 6, 2011
- 2
Talumpati ng Pangulong Aquino III sa pagdiriwang ng Araw ng mga Bayani - Agosto 26, 2013
Talumpati ng Pangulong Aquino III sa pagdiriwang ng Araw ng mga Bayani - Agosto 27, 2012
Talumpati ng Pangulong Aquino III sa pagdiriwang ng Araw ng mga Bayani - Agosto 29, 2011
- 3
Benigno S. Aquino III, Ikaapat na Ulat Tungkol sa Kalagayan ng Bayan - Hulyo 22, 2013
Benigno S. Aquino III, Ikatlong na Ulat Tungkol sa Kalagayan ng Bayan - Hulyo 23, 2012
Benigno S. Aquino III, Ikalawang Ulat Tungkol sa Kalagayan ng Bayan - Hulyo 25, 2011
- 4
Talumpati ni Pangulong Aquino III sa pagdiriwang ng Araw ng Kalayaan - Hunyo 12, 2013
Talumpati ni Pangulong Aquino III sa pagdiriwang ng Araw ng Kalayaan - Hunyo 12, 2012
Talumpati ni Pangulong Aquino III sa pagdiriwang ng Araw ng Kalayaan - Hunyo 12, 2011
- 5
Talumpati ni Pangulong Aquino III sa pagdiriwang ng Araw ng Paggawa - Abril 30, 2013

Talumpati ni Pangulong Aquino III sa pagdiriwang ng Araw ng Paggawa - Mayo 1, 2012

Talumpati ni Pangulong Aquino III sa pagdiriwang ng Araw ng Paggawa - Mayo 1, 2011

6

Talumpati ni Pangulong Aquino III sa paggunita ng Araw ng Kagitingan - Abril 9, 2013

Talumpati ni Pangulong Aquino III sa paggunita ng Araw ng Kagitingan - Abril 9, 2012

Talumpati ni Pangulong Aquino III sa paggunita ng Araw ng Kagitingan - Abril 9, 2011

7

Talumpati ng Pangulo Aquino III sa Ika- 27th anibersaryo ng PSG - Marso 4, 2013

Talumpati ng Pangulo Aquino III sa Ika- 26th anibersaryo ng PSG - Marso 1, 2012

Talumpati ng Pangulo Aquino III sa Ika- 25th anibersaryo ng PSG - Marso 1, 2011

8

Talumpati ng Pangulong Aquino III sa Ika 27th anibersaryo ng EDSA - Pebrero 25, 2013

Talumpati ng Pangulong Aquino III sa Ika 26th anibersaryo ng EDSA - Pebrero 25, 2012

Talumpati ng Pangulong Aquino III sa Ika 25th anibersaryo ng EDSA - Pebrero 25, 2011

Sa pagpili naman ng 12 talumpati para sa pag-aaral, ginamit ang *RANDOM.ORG* (www.random.org) sa tulong ng kompyuter. Ito ang nagsagawa ng *random* na pagpili, mula sa walong paksa (may 24 na talumpati), pumili ang kompyuter ng apat na paksa (may 12 talumpati).

Ginamit ng mananaliksik ang *website* na ito upang maging patas, tapat at walang pagkiling sa pagpili ng mga paksa. Ang kinalabasan ng pagpili ayon sa pagkasunod-sunod ay ang mga bilang na 4, 8, 6, at 5. Narito ang 12 talumpating napili ng *RANDOM.ORG* (www.random.org) na kuha mula sa *website* ng *Official Gazette* at inayos ayon sa okasyon at petsa ng pagdiriwang:

1. Talumpati ng Pangulong Aquino III sa Ika 27th anibersaryo ng EDSA - Peb 25, 2013
2. Talumpati ng Pangulong Aquino III sa Ika 26th anibersaryo ng EDSA - Peb 25, 2012
3. Talumpati ng Pangulong Aquino III sa Ika 25th anibersaryo ng EDSA - Peb 25, 2011
4. Talumpati ni Pangulong Aquino III sa paggunita ng Araw ng Kagitingan - Abril 9, 2013
5. Talumpati ni Pangulong Aquino III sa paggunita ng Araw ng Kagitingan - Abril 9, 2012

6. Talumpati ni Pangulong Aquino III sa paggunita ng Araw ng Kagitingan - Abril 9, 2011

7. Talumpati ni Pangulong Aquino III sa pagdiriwang ng Araw ng Paggawa - Abril 30, 2013

8. Talumpati ni Pangulong Aquino III sa pagdiriwang ng Araw ng Paggawa - Mayo 1, 2012

9. Talumpati ni Pangulong Aquino III sa pagdiriwang ng Araw ng Paggawa - Mayo 1, 2011

10. Talumpati ni Pangulong Aquino III sa pagdiriwang ng Araw ng Kalayaan - Hunyo 12, 2013

11. Talumpati ni Pangulong Aquino III sa pagdiriwang ng Araw ng Kalayaan - Hunyo 12, 2012

12. Talumpati ni Pangulong Aquino III sa pagdiriwang ng Araw ng Kalayaan - Hunyo 12, 2011

Instrumentong Ginamit

Ginamit na instrumento ang mga talahanayan na pawang mga orihinal at sadyang binuo upang umangkop sa pag-aaral. Masusi itong sinuri ng mga piling ebalweytor para sa balidasyon nito.

Tatlong talahanayan ang ginamit sa pagsusuri sa 12 talumpati na nakatala ang sumusunod: talumpati bilang; ang pamagat ng talumpati; ang okasyon kung saan ito binigkas; at petsa kung kailan binigkas bilang mga pangunahing impormasyon sa bawat talahanayan.

Paraan ng Pagsusuri

Ang pag-aaral ay nakatuon sa pagsusuri sa nilalaman ng 12 talumpati ni Pangulong Benigno Simeon C. Aquino III. Ginamit ang apat na teknik na iminungkahi ni Ryan upang makatulong sa tiyakang pagtukoy sa tema ng bawat talumpati.

Ang mga nabanggit na paksa sa unahan na may 12 talumpati ang sumailalim sa pagsusuri gamit ang apat na teknik ni Ryan upang matukoy ang nangingibabaw na tema.

Pagsusuri sa mga salita, ito ang unang inihayag na teknik na nakatuon sa mga salitang nauulit, mga katutubong kategorya at mga susing-salita sa teksto. Ang *mga salitang nauulit* ay nakatuon lamang sa mga *salitang pangnilalaman* at

nilimita sa *sampung salita* lamang na may categoryang pinakamadalas at madalas na naulit. Ang salitang pangnilalaman ay mula sa bahagi ng panalit na nahahati sa dalawa - mga salitang pangnilalaman at mga salitang pangkayarian. Ang mga salitang pangnilalaman ay tumutukoy sa mga salitang may taglay na kahulugan sa ganang sarili na nahahati sa: mga nominal, pandiwa at mga panuring. Tinatawag na (1) mga *nominal* ang *pangngalan* at *panghalip* sapagkat parehong ginagamit sa tao, bagay, hayop, lugar, o pangyayari; (2) ang *pandiwa* naman ay mga salitang nagsasagawa ng kilos; at (3) mga *panuring* naman ang tawag sa *pang-uri* at *pang-abay* na kapuwa ang gawain ay magturing [7].

Masinsinang pagbabasa sa teksto, ang ikalawang teknik na nakatuon sa: *pahahambing* at *pakokontra*; *mga suliraning panlipunan*; at *paghanap sa nakatagong impormasyon*. Kinakailangan dito ang masinsinang pagbabasa upang maingat na masuri ang bawat linya o mga pangungusap, sa madaling salita, nakapokus mismo sa teksto. Unang sinuri sa teksto ang paghanap sa mga pahayag na may *paghahambing* at *pagkokontra*, kung may katulad ba sa ibang pahayag at may pagkakaiba ba ito sa sinundan o kasunod na pahayag. Ikalawang pokus ang pagsusuri sa *mga suliraning pang-aham panlipunan*. Masusing sinuri ang teksto na kung paano nagbibigay-linaw sa mga tanong na may kaugnayan sa kahalagahan nito sa agham panlipunan at sinikap din na hanapin o alamin ang tiyak na uri ng paksa upang makalikha ng isang pangunahing pansosyal at pangkultural na tema. Ikatlong tuon, ang *paghanap sa nakatagong impormasyon* na itinuturing na pinakamahirap gawin ayon kay Ryan sapagkat maraming dahilan kung bakit hindi tahasang binibigkas ang isang paksa, maaaring upang makaiwas sa isang sensitibong isyu o maaaring alam na ng tagapakinig ang paksa at di na kailangan pang banggitin.

Pagsusuring intensiyonal sa mga katangiang panlinggwistika, ang ikatlong teknik na nakapokus naman sa mga: *metapora* at *analohiya* at *ba pang tayutay*; *paglilipat*; at *mga pang-ugnay*. Ang unang sinuring panlinggwistika ay nakatuon sa mga matalinghagang pahayag. Gumamit ba siya ng mga representasyon ng kanyang iniisip, pag-uugali at mga karanasan sa pamamagitan ng mga *metapora* o *analohiya* (isinama na rito ang iba pang anyo o uri ng tayutay)? Ano-anong uri ito? Isa-isahing suriin at ipaliwanag kung bakit.

Ang ikalawang sinuri, ang *transition* o *paglilipat*, sinikap na mapakinggan ang aktuwal na talumpati ng dating pangulo sa tulong ng *video* upang matukoy kung may transisyon bang naganap habang siya ay nagtatalumpati. Inalam kung gumamit ba ng antala o saglit na paghinto o kaya naman ay may pagbabago ba sa tono ng boses ng dating pangulo patungo sa natural na paglilipat sa bagong paksa. Dahil sa pasulat na talumpati nakita o nagaganap ang transisyon sa pagbabago ng paksa sa pamamagitan ng bagong talata. At ang ikatlong tuon sa linggwistika ay ang *connectors* o *mga pang-ugnay*. Nakapokus ito sa mga salita o kaya'y parirala na nagpapahiwatig ng kaugnayan sa mga bagay na makatutulong sa pagtukoy sa tema.

Pisikal na manipulasyon sa teksto, ang panghuling teknik na nakapokus sa: *mga walang markang teksto*; *lubos na pagkilala sa teksto*; at *paggugupit* at *pag-uuri-uri*. Nais niyang ipabasa ang teksto nang maraming beses kasabay nito ang paglalagay ng linya o kulay (*highlighter*) sa tema o may kaugnayan sa tema upang makita ang *mga walang markang teksto*. Sa *lubos na pagkilala sa teksto*, iminungkahi ni Ryan ang paggamit ng iba't ibang kulay-panulat. Isang kulay para sa magkakaugnay na paksa at ibang kulay-panulat para sa ibang paksa. Ang ikatlong bahagi ay ang pagsasagawa ng *paggugupit* at *pag-uuri-uri* sa *teksto*. Sa bahaging ito, unang isinagawa ang masusing pagbabasa sa teksto, pagkatapos kinilala ang mahahalagang sipi, hindi na ginupit bagkus kinulayan ng iba't ibang kulay-panulat o *paghighlight* sa tulong ng kompyuter at inuri ayon sa categorya ang magkakaugnay na paksa, pagkatapos, pinagsama-sama ang magkakaauri at magkakaugnay na teksto.

RESULTA NG PAG-AARAL

Ang mga datos ay inilalahad sa pamamagitan ng talahanayan na nakatuon sa apat na teknik ni Gery W. Ryan.

Ang Talahanayan 1, naglalahad sa kabuoang pagsusuri sa mga salita sa 12 talumpati (unang tekni). Ang salitang pangnilalaman na may categoryang *pinakamadalas* naulit ay ang salitang *natin* na nanguna sa siyam na talumpati (2, 3, 4, 5, 7, 8, 9, 10, at 12) at categoryang *madalas* sa tatlong talumpati (1, 6, at 11). Malinaw rin na makikita na *wala* o *hindi gumamit* ng katutubong salita sa mga talumpati.

Talahanayan 1. Kabuoang Pagsusuri sa 12 Talumpati sa Pagsusuri sa mga Salita

Talumpati	Mga Salitang Nauulit	Mga Katutubong Kategorya	Mga Susing-Salita sa Teksto
1	Pinakamadalas - x Madalas - Hindi (14), Natin (13) Di-Gaanong Madalas Sundalo (8), Pilipino (8), Pulis (7), Taumbayan(7), Tayo (6), Sistema (6), Atin (6), Ngayon (6) Madalang - x	X	Martial Law, pabahay, pulis Pilipino,
2	Pinakamadalas Hindi (29), Tayo (29), Natin (24) Madalas - Ito (13) Di-Gaanong Madalas Isa (11), Pilipino (9), Bansa (9), Wala (9), EDSA (7) Madalang - x	X	demokrasya, EDSA kalayaan, Pilipino rebolusyon,
3	Pinakamadalas - Natin (30), Atin (18), Ito (18) Madalas - Pilipino (15), Kanya (15), Atin (15), EDSA (13) Di-Gaanong Madalas - Ngayon (9), Batas (7) Madalang - x	X	EDSA Batas Militar pagkakaiba Peoples Power
4	Pinakamadalas - Natin (20) Madalas - Ito (14), Kanila (11) Di-Gaanong Madalas - Beterano (10) Tayo (7), Pension (7) Madalang - Sila (5), Atin (5), Piso (4), Isa (4)	X	beterano kabayanihan serbisyo
5	Pinakamadalas - Natin (24), Atin (21) Madalas - Ito (14) Di-Gaanong Madalas - Kagitingan(8) Beterano (8), Lahat (7), Buhay (7), Sakripisyo (6), Kalaban (6), Karangalan (5) Madalang - x	X	benepisyong pangkalusugan beterano kagitingan serbisyo
6	Pinakamadalas - x Madalas - Natin (13), Hindi (12), Atin (10) Di-Gaanong Madalas - Bansa(10), Tayo (8), Isa (8), Kanila (7), Beterano (6), Mundo (6), Pilipino(5) Madalang - x	X	trabaho manggagawa pondo magsasaka

Talumpati	Mga Salitang Nauulit	Mga Katutubong Kategorya	Mga Susing-Salita sa Teksto
7	Pinakamadalas - natin (60), tayo (36), trabaho (27), ito (25), lahat (21), Wala (16) Madalas - manggagawa(12), araw (11), Di-Gaanong Madalas - kami (10), atin (9), Madalang - x	X	trabaho, manggagawa, magsasaka, sektor
8	Pinakamadalas - natin (69), tayo (39), atin(35), hindi (29), trabaho (21) Madalas - sila (14), lahat (14) Di-Gaanong Madalas - kababayan(9),solusyon(9) manggagawa (9) Madalang - x	X	trabaho, manggagawa, kontraktuwali sasyon, negosyante, solusyon
9	Pinakamadalas - natin (34), tayo (16), Madalas - atin (15), trabaho (14), nito (14), araw (12), hindi (12) Di-Gaanong Madalas - manggagawa (10), negosyante (9), isa (9) Madalang - x	X	manggagawa, negosyante, extra-legal killings, job mismatchbene pisyo
10	Pinakamadalas - natin (33), tayo (16), Madalas - Pilipino (15), ito (12), Di-Gaanong Madalas - kalayaan (9), atin (9), ngayon (9), akin (7), isa (7), Pilipinas (6) Madalang - x	X	pocket open skies policy, bigas, kapulisan, pabahay, Pilipino, kalayaan
11	Pinakamadalas - atin (22), Madalas - ito (12), natin (11), nila (10), Di-Gaanong Madalas - Pilipino (8), tayo (7), dito (7), bansa (6) Madalang - kalayaan (5), sila(5)	X	Saligang Batas, kurapsyon, tuwi na daan, demokrasya, kalayaan.
12	Pinakamadalas - natin (27), tayo (22), atin (22) Madalas - ito(11), wala (10), Pilipino (8), bayan (8), bansa (7), karapatan (7) Di-Gaanong Madalas - kalayaan (6), Madalang - x	X	kalayaan, pabahay, at paggalang sa karapatan.

Ang Talahanayan 2, sa masinsinang pagbabasa ng “larger blocks of texts”, sa 12 talumpati (ikalawang teknik), pito rito ang nagtataglay ng pahahambingan at pagkokontrast na umabot sa 15 mga pahayag. Sampung talumpati naman ang may mga suliraning pang-aham panlipunan na sa kabuoan ay umabot sa 36 na suliranin. At sampung talumpati ang nakitaan ng mga pahayag na may nakatagong impormasyon na umabot sa 20 pahayag.

Malinaw naman na inilahad sa Talahanayan 3 ang kabuoan ng mga tayutay na nakita sa teksto. Sa pagsusuring intensiyonal sa mga katangiang

panlinggwistika (ikatlong teknik), ang 12 talumpati ay nagtataglay ng 19 na uri ng tayutay, at isang kombinasyon ng dalawang uri ng tayutay sa isang pangungusap, matatagpuan sa mga talumpati 2, 3 at 10. Sa kabuoan, ang 12 talumpati ay umabot sa 116 patayutay na pahayag. Kaya masasabing masining ang mga talumpati dahil sa dami ng tayutay na ginamit lalo na ang uring *paglumanay* na siyang pinakamadalas na ginamit na umabot sa 26 na pahayag. Natuklasan din na ang talumpati 10 ang may pinakamaraming tayutay na may 23 pahayag.

Talahanayan 2. Kabuoang Pagsusuri sa 12 Talumpati sa Masinsinang Pagbabasa ng “larger blocks of texts”

Talumpati	Paghahambing at Pagkokontrast	Mga Suliraning Pang-agham Panlipunan	Paghanap sa Nakatagong Impormasyon
1	1	6	4
2	3	1	1
3	2	x	2
4	x	1	2
5	1	1	2
6	x	x	2
7	3	6	3
8	2	6	1
9	3	6	x
10	x	6	2
11	x	2	1
12	x	1	x
	7/15	10/36	10/20

Talahanayan 3. Kabuoan ng mga Tayutay na Nasuri sa 12 Talumpati

Uri ng Tayutay	Mga Talumpati					
	T1	T2	T3	T4	T5	T6
1Pagtutulad			1			
2Paglumanay	3			3	1	6
3Retorikal na tanong					3	
4Pagsalungat	1					
5Pagtatambis	1					2
6Pagpapalit-tawag	1	2		1	1	2
7Anapora		5	5	1	2	
8Pagwawangis		1				
9Antiklaymaks						
10Salantunay						
11Pagsasatao		2				
12Epipora			1			
13Balintunay						
14Paghahalintulad						
15Repitasyon						
12. Kombinasyon						

Uri ng Tayutay	Mga Talumpati						Kabuoan
	T7	T8	T9	T10	T11	T12	
1Pagtutulad	1	2	1	2	1	1	9
2Paglumanay	3	1	2	6	1		26
3Retorikal na tanong	1		1	4			9
4Pagsalungat							1
5Pagtatambis	2	6		1			12
6Pagpapalit-tawag	2	1	2	4	2		18
7Anapora	1	1			1	3	19
8Pagwawangis							1
9Antiklaymaks							1
10Salantunay		1					1
11Pagsasatao			1				3
12Epipora							1
13Balintunay		1					1
14Paghahalintulad			1				1
15Repitasyon				4	2		6
16Pagmamalabis					1		1
17Pag-uulit				1			1
18Pagtangi						1	1
19Patalinghaga					1		1
20Kombinasyon							3
Kabuoan	10	13	8	23	9	5	116

Sa manipulasyong pisikal sa mga teksto (ikaapat na teknik), natuklasan sa mga walang markang teksto na ang mga talumpati ay pinangungunahan ng panimulang pagbati sa mga opisyal, senador, at iba pang dumalo sa pagdiriwang maliban sa mga talumpati 1, 4, 7, at 10 na walang pagbati ngunit sa pasalitang talumpati ay mayroon. At ang talumpati 3 at 9 naman ay pagpapasalamat ng dating pangulo sa mga opisyal at senador na tumulong sa pagpapatupad ng ilang mga batas. Sa kabilang banda, ang talumpati 7 at 9 parehong tumukoy sa pagbibiro ng dating pangulo sa araw ng kaniyang pahinga o *day-off*. Samantala, ang mga talumpati 4, 7, at 11 ay nagpapaalala sa magiging na bayani sa araw ng kagitingan, araw ng paggawa at araw ng kalayaan, Ang lahat ay nagtapos sa pampinid na pagbati.

Natuklasan din sa lubos na pagkilala sa teksto sa pamamagitan ng paggamit ng iba’t ibang kulay-panulat ay napapagaan at napapadali nito ang pagtukoy sa mga pahayag na magkakaugnay sa kaisipan o ideya na pinagsama-sama at inuri- uri sa tulong ng kompyuter.

Talahanayan 4. Kabuoan ng mga Walang Markang Teksto sa 12 Talumpati

Talumpati Bilang	Walang Markang Teksto ((Panimula)	Walang Markang Teksto (Katawan/Nilalaman)	Walang Markang Teksto (Katapusan)
T1	Walang pagbati	Diwa ng Demokrasya	Pampinid na Pagbati
T2	May pagbati	Tandaan	Pampinid na Pagbati
T3	May pagbati	Pasasalamat	Pampinid na Pagbati
T4	Walang pagbati	Paalala	Pampinid na Pagbati
T5	May pagbati		Pampinid na Pagbati
T6	May pagbati		Pampinid na Pagbati
T7	Walang pagbati	Pagbibiro sa Day Off ng pangulo Paalala Problemang minana	Pampinid na Pagbati
T8	May pagbati	Pagbabahagi ng sariling karanasan Hoffen Co.	Pampinid na Pagbati
T9	May pagbati	Pasasalamat Paghingi ng Paumanhin Pagbibiro sa araw ng pahinga	Pampinid na Pagbati
T10	Walang pagbati	Mga hinaing/personal na kalagayan	Pampinid na Pagbati
T11	May pagbati	Paalala, Susunod na lugar ng pagdiriwang	Pampinid na Pagbati
T12	May pagbati		Pampinid na Pagbati

KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa naging resulta ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagsuri at pag-analisa sa unang teknik, ang (1) pagsusuri sa mga salita: mga salitang nauulit, mga katutubong kategorya, at mga susing-salita sa teksto. Naghuhudyat o tanda na ang mga salitang nauulit ay maaaring gamitin o kaya ay gawing gabay sa pagbuo ng tema sa bawat talumpati.

Sa ikalawang teknik, ang (2) masinsinang pagbabasa ng “larger blocks of texts” na sinuri ang: paghahambing at pagkokontrast, mga suliraning pang-agram panlipunan, at paghanap sa nakatagong impormasyon. Napakahalagang mabasa nang masusi at lubusang naunawaan ang bawat talumpati upang matukoy ang ikalawang teknik na siyang daan upang mahasa ang kritikal at intelektuwal na pag-iisip ng mga estudyante at ng mga guro rin sa pagsusuri.

Sa ikatlong teknik, ang (3) pagsusuring intensiyonal sa mga katangiang panlinggwistika; na sinuri ang mga metapora at analohiya, paglilipat, at mga pang-ugnay. Sa kabuuan, ang 12 talumpati ay umabot sa 116 patayutay na pahayag. Naging masining ang mga talumpati dahil sa dami ng tayutay na ginamit lalo na ang uring *paglumanay* na siyang pinakamadala na ginamit na umabot sa 26 na pahayag. Sa *paglilipat*, lumitaw na natural lamang ang naging *paglilipat* ng paksa sa pasalita at sa pasulat na pahayag. Natural at klaro ang naging daloy ng kanyang pagsasalita na kakikitaan ng tiwala sa sarili, kampilan at may tinatawag siyang *sense of humor* dahil sa paggamit ng biro, patawa o joke sa mga talumpati. Malinaw din ang dating ng mensahe sapagkat mababaw at madaling maunawaan ang mga salitang ginamit lalo na ito ay nasa wikang Filipino. Natuklasan din sa mga talumpati na ito ay gumamit ng mga *salitang hiram* at may ilang talumpati na ginamitan ng *code switching* at *code mixing*. Samantala, sa *pang-ugnay* o *konektor* nakatuon ito sa mga salita o parirala na nagpapahiwatig ng kaugnayan sa mga bagay na makatutulong sa pagtukoy sa tema.

Ang ikaapat na teknik, ang (4) manipulasyong pisikal sa mga teksto: sinuri dito ang mga walang markang teksto, lubos na pagkilala sa teksto, at paggupit at pag-uri-uri o pagkukulay (*highlight*) at pagsama-sama. Natuklasan na ang paggamit ng iba't ibang kulay-panulat ay napapagaan at napapadali nito ang pagtukoy sa mga pahayag na magkakaugnay sa kaisipan o ideya na pinagsama-sama at inuri-uri.

Batay sa mga natuklasan, ang *Theme-Based Technique ni Gery W. Ryan* ang pinakaangkop gamitin sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan lalo na sa mahihirap at mabibigat na anyo na tulad ng sanaysay at talumpati. Naging magaan ang isinagawang pagsusuri sa 12 na talumpati dahil nakita talaga na umaayon o angkop ang apat na teknik sa pagsusuri bagama't ang ikaapat na teknik ay hindi gaanong nakita ang kaangkupan nito. Ang mga natuklasan ay magsisilbing gabay ng mga guro lalo na sa kasalukuyang panahon na naglipana ang napakaraming babasahin *online* na dapat bigyan-pansin at magamit sa mga pagsusuring panpanitikan o panlinggwistika.

Batay sa mga natuklasan at konklusyon inirerekomenda na: (1) Gamitin bilang lunsaran sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan ang pagsusuri sa mga salita sa tulong ng apat na teknik. (2) Bigyang-pansin sa mga gawaing pagsusuri ang mga pahayag na naghahambingan at nagkokontrast, mga suliraning pang-agram panlipunan at mga pahayag na may nakatagong impormasyon na hahamon sa kritikal na pag-iisip at pag-analisa ng mga estudyante. (3) Sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan, maliban sa mga tayutay, bigyang-tuon din sa pagsusuri ang iba pang mga matatalinghagang pahayag tulad ng mga salawikain, kawikaan, kasabihan at mga sawikain at antas ng wika na ginamit. (4) Isagawa ang manipulasyong pisikal na tulad ng pagha-*highlight* o paggamit ng iba't ibang mga kulay-panulat sa pagtukoy ng mahahalagang ideya o detalye sa isang teksto. (5) Magamit ng mga propesor, guro at estudyante ang awtput ng pag-aaral bilang gabay sa mas epektibong pagtuturo at pagkatuto ng lalong pagkaunawa sa mahihirap na akdang pampanitikan na gaya ng mga sanaysay at talumpati.

SANGGUNIAN

- [1] Villafuerte, P. V. (2002). Talumpati, Debate at Argumentasyon. Mutya Publishing House, (p4)
- [2] Bernales, R. A. et al. (2002). Mabisang Retorika sa Wikang Filipino (Batayan at Sanayang Aklat sa Filipino 3, Antas-Tersyaryo). Mega-Jesta Prints, Inc.
- [3] Baquiran, R. P. et.al. (2012). Kayo ang Boss Ko sa Daang Matuwid (Mga Piling Talumpati ni Benigno S. C. Aquino III, 2010-2012. The National Library of the Philippines CIP Data. Filipinas Institute of Translation (p1)
- [4] Gery W. Ryan, Techniques to Identify Themes in Qualitative Data
- [5] Kerlinger, Fred N. (1973). Foundation of Behavioral Research. Phoenix Inc.
- [6] Official Gazzete
<http://www.gov.ph/section/historical-papers-document/speeches/page/1-120/>
- [7] Tanawan, D. S. et.al. (2007). Istruktura ng Wikang Filipino. Jimcy Publishing House.

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).